90-3

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Pangalawang Kalihim***
***Office of the Undersecretary***


Telefax: 631-84-92
Direct Line: 633-72-03
Trunk Line: 632-13-61 locals 2006 / 2105
E-Mail Address: asecrcb@l-next.net
Website: http://www.deped.gov.ph


MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 250, s. 2003

JUL 29 2003

PAMBANSANG DEMO-FEST: TEORYA AT PRAKTIKA
SA PAGTUTURO NG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralang Elementarya at Sekondarya

1. Ang Kagawaran ng Filipino ng Kolehiyo ng mga Wika, Linggwistika at Literatura ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay magdaraos ng Pambansang Demo-Fest sa paksang Teorya at Praktika sa Pagtuturo ng Filipino sa Antas Elementarya, Sekondarya at Tersyarya, sa Maceda Hall ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Agosto 27-29, 2003.

2. Pagkatapos ng Demo-Fest inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay: (a) makakatuklas ng iba't ibang napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng wika, pagbasa, panitikan at pagsulat; (b) makapagsasagawa ng mapanuring pag-iisip sa mga teorya at simulaing nakapaloob sa mga estratehiyang natutunan; (k) mapapabuti at mapatataas ang antas ng kamalayan at kakayahan sa mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino; at (d) mapatataas ang antas ng kamalayan ukol sa mga napapanahong paraan/pamamaraan sa pagbibigay ng panimulang gawain, paghahanda ng banghay-aralin, pagbibigay ng malikhaing gawain sa pagtuturo ng Filipino, atbp.

3. Inaanyayahang dumalo sa pambansang demo-fest na ito ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, sinumang hihiranging kinatawan sa paaralang elementarya at sekondarya, at piling guro na nakatalaga sa paghahanda ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika. Ang mga guro sa Filipino ay maaaring dumalo sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras. Pinapayagang dumalo ang mga guro at tagamasid sa Filipino na magmumula sa mga pampublikong paaralan sa **opisyal na oras lamang.**

4. Ang butaw na Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) ay para sa rehistrasyon, handouts at bag. Hindi kasali ang pagkain at tirahan sa halagang ito.

5. Para sa rehistrasyon at detalye, mangyaring tumawag sa Kagawaran ng Filipino, PNU, telefax blg. 527-0371.

6. Inaasahan ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim
Pinunong Tagapamahala

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS

Sheila, MPPD, DM Pambansang Demo-Fest
07-23-03